**CREATIVE MINDS Christian Learning School**
*12 Menandro St., Pamplona 1, Las Pinas City 1740*

**S.Y. 2022-2023**

# IKALAWANG LAGUMANG PAGSUSULIT
## FILIPINO 5

Pangalan:________________________________________________ Iskor:_______________

Baitang/Pangkat:__________________________________________ ____Guro:Teacher Lai

I. Basahin ang maikling talata.

**Hindi Sagabal**

Isang masigabong palakpakan ang ibinigay ng mga nagsisipagtapos at kanilang mga magulang nang umakyat si Maryann sa entablado upang tanggapin ang kaniyang diploma at medalya.

Nagtapos bilang *cum laude* si Maryann Rosuman sa Pamantasan ng Northern Philippines. Pinalakpakan siya hindi lamang dahil sa kaniyang katalinuhan kundi dahil sa kakaiba siya sa lahat.

Tatlong talampakan at limang daling lamang si Maryann. Isinilang siyang walang mga paa, dalawapung taon na ang nakakalilipas. Katutubo siya ng Barangay Bayubay, San Vicente, Ilocos Sur. Nagtapos siya sa kursong *accounting*. Hindi naging balakid ang kapansanan niya sa kaniyang pag-aaral. Naging *Valedictorian* siya noon sa elementarya at sekundarya. Kahit hirap sa pagtindig at pagpunta sa klase, napagaan yaon ng pagiging matulungin ng kaniyang mga kamag-aaral.

*Hango sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa 4, St. Mary's Publication*

Sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? ____________________________________

2.Bakit sinasabing kakaiba si Mary-ann sa lahat?____________________________________

_______________________________________________________________________________

3. Bakit sinalubong ng masigabong palakpakan si Mary-ann?__________________________

_______________________________________________________________________________ 4. Paano pinatunayan ni Mary-ann na hindi sagabal ang kapansanan ng isang tao upang makamit ang tagumpay?_______________________________________________

_______________________________________________________________________________

5. Bakit kailangan siyang tularan at gawing inspirasyon ng lahat?______________________

_______________________________________________________________________________

II. Bilugan sa sumusunod na pangungusap ang salitang Pandiwa.

6. Naglakbay si Mark patungon Antipolo.

7. Huwag gagawa ng mga bagay na makasasama sa katawan.



LIVEWORKSHEETS

8. Kanina pa pinagmamasdan ni Tanya ang ulan ulan.

9. Maraming mga mag-aaral ang lumahok sa patimpalak.

10. Nakaramdam ng pagod si Beth dahil sa buong maghapong pagtayo.

III.Kompletuhin ang tsart sa ibaba.

| Pandiwa (salitang - kilos) | Perpektibo | Imperpektibo | Kontemplatibo |
|---|---|---|---|
| 11. laglag | nalaglag | | malalaglag |
| 12. tayo | tumayo | tumatayo | |
| 13.hanap | | humahanap | hahanap |
| 14. basa | nabasa | | binabasa |
| 15. hinga | | humihinga | hihinga |

II. Basahin at isulat sa patlang ang **T** kung ang pandiwang ginamit tukuyan at **B** kung balintiyak.

☐ 16. **Inihagis** ni Lupin ang bola sa akin.

☐ 17. Ako ay **nanonood** ng bidyong ginawa ni Bb. Fe.

☐ 18. Ang mga mag-aaral ay **tinuturuan** ng kanilang mga magulang ngayong taon.

☐ 19. **Pasiglahin** natin ang ating mga magulang.

☐ 20. Ang aking mga guro ay **nagsisikap** upang maayos na maituro ang mga aralin.

V. Tukuyin kung anong pokus ng pandiwa ang sumusunod. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Lokatib** | **Aktor** | **Gol** | **Instrumental** | **Kawsatib** | **Benepektib** |

______________________21. Ito ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay siyang tumatanggap ng kilos.


LIVEWORKSHEETS

____________________22. Ito ay pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay kagamitan o instrumento sa pagkakaganap ng kilos.

____________________23. Ang pokus ng pandiwa ay ang paksa nagsasaad ng sanhi o dahilan ng pagkakaganap ng kilos.

____________________14. Ang pokus ng pandiwa ay nagsasaad ng pook o lugar na pinagganapan ng kilos.

____________________25. Ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa aysiyang gumaganap ng kilos ng pandiwa.

VI.Bilugan ang pang-uri sa bawat pangungusap.

26. Ang bundok Apo ang pinakamataas na bundok sa bansa.
27. Tayong lahat ay maging masigasig sa pagtupad ng batas .
28. Masagana ang likas na yaman ng bansa .
29. Napagtanto kong napakahirap pala ng aralin.
30. Malaki ang mata ng tarsier.

VI. Tukuyin ang pang-uring may salungguhit, isulat sa patlang kung ito ay panlarawan, pamilang o pantangi.

_______________31. Binigyan ako ni tatay ng **singkwenta** pesos na pambaon.
_______________32. Nakapila na ang mga mag-aaral sa **ika-anim** na baitang.

_______________33. Napasarap talaga ng loming-**Batangas.**

_______________34. **Luma** na ang mga kasangkapan sa bahay ni Lola Basyang.

_______________35. Nakagawian na ni nanay ang suklaying ang **napakahabang** buhok ni Mariz.

VII. Isulat sa kahon kung **lantay**,**pahambing** o pasukdol ang kaantasan ng pang-uring may salungguhit.

[ ] 36. Pinakamatalino sa magkakapatid si Fernan.

[ ] 37. Masama sa kalusugan ang *softdrinks*.

[ ] 38. Mas mabilis tumakbo ang cheetah kaysa kabayo.

[ ] 39.Kung ako ang papipilian, mas malamig ang Baguio kaysa Tagaytay.

[ ] 40.Hari ng yabang talaga si Kulas.


LIVEWORKSHEETS

LIVEWORKSHEETS